

Primer on Children In Conflict with the Law



CLEP Team 10 - Feliciano, Arianne; De Leon, Luis Antonio; Dimen, Karen; Garcia, Lawrence; Yu, John Daryl

CLEP Team 14 - Tan, Joshua; Acosta, Arthur; Bulagas, Rafael; Manlangit, Katherine; Mayor Jann Treblig

Contents

Foreword 3

Important Definitions 4

Frequently Asked Questions 7

Duties of Member Agencies 23

Contact Details of Member Agencies 31

Contact Details of NGOs 34

Process Flowcharts in Handling CICLs 36

Foreword

Republic Act No. 9344 or the “Juvenile Justice and Welfare Act of 2006” lays down the policies of the state regarding children at risk and children in conflict with the law, mandating for there to be government action with regard to their treatment, guidance, rehabilitation, and reintegration.

No less than the 1987 Constitution recognizes the vital role of children and youth in nation building, such that the state must promote and protect their physical, moral, spiritual, intellectual and social well-being.

It is thus crucial that, in all acts and proceedings concerning children, the state must protect the best interests of the child through measures that ensure observance of international standards, and in a manner which allows children to participate and to express themselves freely, especially with respect to program and policy formulation and implementation related to juvenile justice and welfare. To this end, the right of children to assistance, proper care and nutrition, and special protection from all forms of neglect, abuse, cruelty and exploitation, must be ensured by the state.

This is all pursuant to Article 40 of the United Nations Convention on the Rights of the Child, which requires the state to recognize the right of every child accused or adjudged of infringing penal laws to be treated in a manner consistent with their sense of dignity and worth, taking into account their age and desirability of reintegration.

In this respect, there must be means adopted for dealing with such children without resorting to judicial proceedings, applying the principles of restorative justice. There must be measures for care, guidance and supervision orders, counseling, probation, foster care, education and vocational training programs and other alternatives to institutional care, all considering the cultural and religious circumstances of every child.

By virtue of these fundamental principles, the law upholds the human rights and dignity of every child.



Important Definitions

Term	Definition under the law	Kahulugan ayon sa batas
“Acting with discernment”	Discernment is the mental capacity of a minor to fully grasp the consequences of his act, known and determined by taking into account all the facts and circumstances presented by the records in each case (<i>People v. Jacinto, G.R. No. 182239, March 16, 2011</i>).	Ang pag-aninaw ay ang mental na kapasidad ng isang menor de edad upang lubos na maintindihan ang mga kahihinatnan ng kanyang kilos, nalalaman at natutukoy sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa lahat ng mga katotohanan at pangyayaring ipinakita ng mga records sa bawat kaso. (<i>People v. Jacinto, G.R. No. 182239, Marso 16, 2011</i>).
“Child”	A person under the age of eighteen (18) years [<i>R.A. No. 9344, “Juvenile Justice and Welfare Act of 2006”, Sec. 4(c)</i>]	Isang tao na wala pang labing-walong (18) taong gulang [<i>R.A. No. 9344, “Juvenile Justice and Welfare Act of 2006”, Sec. 4(c)</i>]
“Child at risk”	<p>A child who is vulnerable to and at the risk of committing criminal offenses because of personal, family and social circumstances, such as, but not limited to the following:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Being abused by any person through sexual, physical, psychological, mental, economic or any other means and the parents or guardian refuse, are unwilling, or unable to provide protection for the child; 2. Being exploited including sexually or economically; 3. Being abandoned or neglected, and after diligent search and inquiry, the parent or guardian cannot be found; 	<p>Isang bata na maaaring maimpluwensiyahang gumawa ng krimen dahil sa mga kalagayan niya sa personal, pamilya at lipunan, tulad ng, pero hindi limitado sa mga sumusunod:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Siya ay inaabuso, ito man ay sa sekswal, pisikal, sikolohikal, mental, economic o sa kung ano mang pamamaraan, at ayaw o hindi kayang bigyan ng proteksyon ng mga magulang o tagapag-alaga ang bata; 2. Siya ay pinagsasamantalahan sa sekswal o economic na pamamaraan; 3. Siya ay inabandona o pinabayaan, at pagkatapos ng masinsinang paghahanap ay hindi makita ang kanyang mga magulang o

	<ol style="list-style-type: none"> 4. Coming from a dysfunctional or broken family or without a parent or guardian; 5. Being out of school; 6. Being a streetchild; 7. Being a member of a gang; 8. Living in a community with a high level of criminality or drug abuse; and 9. Living in situations of armed conflict [R.A. 9344, Sec. 4(d)] 	<p>tagapag-alaga;</p> <ol style="list-style-type: none"> 4. Siya ay galing sa magulo o watak na pamilya o walang siyang magulang o tagapag-alaga. 5. Siya ay hindi pumapasok sa eskwela; 6. Siya ay batang kalye; 7. Siya ay miyembro ng isang gang; 8. Siya ay nakatira sa komunidad kung saan maraming krimen ang nagaganap o mataas ang antas ng paggamit ng droga; 9. Siya ay nakatira sa sitwasyong may armadong alitan [R.A. 9344, Sec. 4(d)]
“Child in conflict with the law” (CICL)	A child who is alleged as, accused of, or adjudged as, having committed an offense under Philippine laws [R.A. 9344, Sec. 4(e)]	Isang bata na sinasabing, inakusahan ng, o hinatulan na gumawa ng krimen sa ilalim ng mga batas ng Pilipinas [R.A. 9344, Sec. 4(e)]
“Deprivation of Liberty”	Any form of detention or imprisonment, or to the placement of a child in conflict with the law in a public or private custodial setting, from which the child in conflict with the law is not permitted to leave at will by order of any judicial or administrative authority [R.A. 9344, Sec. 4(e)]	Anumang anyo ng detensiyon o pagkabilanggo, o kaya ay pagkakalagay ng CICL sa isang institusyong pampubliko o pribado, kung saan hindi maaaring umalis ang CICL ng walang pahintulot ng anumang korte o administratibo na awtoridad [R.A. 9344, Sec. 4(e)]
“Diversion”	Alternative child-appropriate process of determining the responsibility and treatment of a child in conflict with the law on the basis of his/her social, cultural, economic, psychological or educational background, without resorting to formal court proceedings [R.A. 9344, Sec. 4(i)]	Alternatibo na prosesong angkop sa mga bata na isasagawa upang matukoy ang responsibilidad at pagtrato ng CICL base sa kanyang panlipunang, kultural, economic, sikolohikal, at pang-edukasyong kalagayan at katayuan, na hindi sumasailalim sa pormal na paglilitis sa korte [R.A. 9344, Sec. 4(i)]

<p>“Diversion Program”</p>	<p>Program that the child in conflict with the law is required to undergo after he/she is found responsible for an offense without resorting to formal court proceedings [R.A. 9344, Sec. 4(j)]</p>	<p>Programang kailangang tahakin ng CICL matapos na siya ay mahatulan na responsable sa isang krimen, na hindi sumasailalim sa pormal na paglilitis sa korte [R.A. 9344, Sec. 4(j)]</p>
<p>“Intervention Program”</p>	<p>It refers to a series of individualized treatment activities or programs designed to address issues that caused the child to commit an offense. These may include counseling, skills training, education, and other activities that are aimed to improve and enhance the child’s psychological, emotional, and psychosocial well-being [A.M. No. 02-1-18-SC, “Rules on Juveniles in Conflict with the Law”, Sec. 4(u)].</p> <p>It is a multisectoral and interagency response plan of the Philippine government, its partner agencies, and the civil society toward the goal of reducing the number of new cases of children at risk (CAR) and rehabilitating and reintegrating children in conflict with the law (CICL) into their families and communities (<i>Comprehensive National Juvenile Intervention Program</i>).</p>	<p>Ito ay tumutukoy sa sunud-sunod na mga indibidwal na aktibidad o programang idinisenyo upang matugunan ang mga isyu na nagdulot sa bata na gumawa ng krimen. Maaaring kabilang dito ang counseling, pagsasanay sa abilidad, edukasyon, at iba pang mga aktibidad na may layuning mapabuti at mapahusay ang sikolohikal, emosyonal, at psychosocial na estado ng bata [A.M. No. 02-1-18-SC, “Rules on Juveniles in Conflict with the Law”, Sec. 4(u)].</p> <p>Ito ay isang multisectoral at interagency na plano ng pagtugon ng pamahalaan ng Pilipinas, mga kaanib nitong ahensya, at ang lipunang sibil tungo sa hangarin na mabawasan ang bilang ng mga bagong kaso ng mga bata na nasa peligro (CAR) at rehabilitasyon at muling pagsasama ng mga CICL sa kanilang mga pamilya at komunidad (<i>Comprehensive National Juvenile Intervention Program</i>).</p>

Frequently Asked Questions

1. When can a child be exempted from criminal liability?	1. Kailan maaaring hindi managot sa kriminal na liabilidad ang bata?
<p>Those fifteen (15) years of age or below at the time of commission of the offense are exempt from criminal liability. The child shall be immediately released to the custody of his/her parent, guardian, or the child's nearest relative. He/she will be taken to a community-based intervention program, unless the best interest of the child requires a referral of the child to a youth care facility or "Bahay Pag-asa."</p> <p>A child with age above fifteen (15) years but below eighteen (18) years at the time of commission of the offense shall likewise be exempt from criminal liability. He/She will be subjected to an intervention program, unless he/she has acted with discernment, in which case, such child will be subjected to the diversion proceedings.</p> <p>The exemption from criminal liability does not include exemption from civil liability, which shall be enforced in accordance with existing laws (<i>R.A. 9344, Sec. 6</i>).</p> <p>In determining age for purposes of exemption from criminal liability, Section 6 of <i>RA 9344</i> clearly refers to the age as determined by the anniversary of one's birth date, and not the mental age (<i>People v. Roxas y Aguiluz, G.R. No. 200793, June 4, 2014</i>).</p>	<p>Ang batang may edad na labinlimang (15) anyos o pababa sa oras na gumawa ng krimen ay hindi mananagot sa kanyang kriminal na liabilidad. Siya ay dapat kaagad ibigay sa kanyang mga magulang, tagapag-alaga, o pinakamalapit na kamag-anak. Siya ay sasailalim sa isang intervention program na nakabatay sa komunidad, maliban kung ang pinakamainam sa interes ng bata ay i-refer siya sa isang pasilidad na nangangalaga sa kabataan o "Bahay Pag-Asa".</p> <p>Ang batang may edad na higit sa labinlimang (15) anyos pero wala pang labing-walong (18) anyos sa oras na gumawa ng krimen ay hindi rin mananagot sa kanyang kriminal na liabilidad. Siya ay sasailalim sa isang intervention program, maliban kung siya ay kumilos ng may pag-aninaw, kung kaya't sa ganitong sitwasyon, ang bata ay sasailalim sa diversion proceedings ng DSWD.</p> <p>Hindi kasama sa exemption mula sa kriminal na liabilidad ng bata ang kanyang sibil na liabilidad, kung saan siya ay mananagot alinsunod sa batas (<i>R.A. 9344, Sec. 6</i>).</p> <p>Sa pagtukoy ng edad para sa exemption mula sa kriminal na liabilidad, malinaw na sinasabi ng Seksyon 6 ng <i>RA 9344</i> na ang edad ay natutukoy sa anibersaryo ng petsa ng kapanganakan ng isang tao, at hindi sa edad ng pag-iisip (<i>People v. Roxas y Aguiluz, G.R. No. 200793, Hunyo 4, 2014</i>).</p>

<p>Furthermore, a minor or a person below eighteen (18) years of age accused of rape who had carnal knowledge of another person under sixteen (16) years of age shall have no criminal liability, when the age difference between the parties is not more than three (3) years, and the sexual act in question is proven to be consensual, non-abusive, and non-exploitative, except when the alleged victim is under thirteen (13) years of age (Article 266-A (1) (d) of Act No. 3815, as amended by R.A. 8353 and R.A. 11648). Under these amended provisions, such minor, not criminally exempt would be considered CICLs.</p>	<p>Bukod pa roon, ang isang menor de edad o isang taong wala pang labing-walong (18) taong gulang na inakusahan ng panggagahasa na nakipagtalik sa kanyang kapwa tao na wala pang labing-anim (16) na taong gulang ay walang pananagutan na krimen, kapag ang pagkakaiba ng edad sa pagitan ng mga partido ay hindi hihigit sa tatlong (3) taon, at ang naganap na sekswal na aktibidad na pinag-uusapan ay napatunayang pinagsang-ayunan, hindi mapang- abuso, at hindi mapagsamantala, maliban kung ang pinaghihinalaang biktima ay wala pang labin-tatlong (13) taong gulang (Article 266-A (1) (d) of Act No. 3815, as amended by R.A. 8353 and R.A. 11648). Sa ilalim ng inamyendahang batas na ito, ang mga menor de edad na hindi criminally exempt ay tinuturing CICLs.</p>
<p>2. What are the duties of government officers during an initial investigation?</p>	<p>2. Ano ang mga tungkulin ng mga opisyal ng gobyerno habang initial na imbestigasyon?</p>
<p>A. The law enforcement officer shall determine where the case involving the child in conflict with the law should be referred.</p> <p>B. Using discernment and assessment tools developed by the DSWD, the Local Social Welfare and Development Officer (LSWDO) shall conduct an initial assessment to determine the appropriate interventions and whether the child acted with discernment. He/She shall either:</p> <ol style="list-style-type: none"> a) Proceed with an intervention program if the child is fifteen (15) years old or below, or above fifteen (15) years old but below eighteen (18) years old who acted without discernment; and b) Proceed to diversion if the child is above fifteen (15) years old but below eighteen (18) years old and who acted with discernment. 	<p>A. Ang law enforcement officer ang magpapasya kung saan dadalhin ang kaso ng CICL.</p> <p>B. Gamit ang discernment at assessment tools na binuo ng DSWD, ang Local Social Welfare and Development Officer (LSWDO) ay gagawa ng unang pagsusuri para malaman kung anong interbensyon ang nararapat para sa bata at kung kumilos siya ng may pag-aninaw. Maari siyang:</p> <ol style="list-style-type: none"> a) Ituloy sa intervention program kung ang bata ay labinlimang (15) taong gulang o pababa, o higit sa labinlimang (15) taong gulang pero wala pang labing-walong (18) taong gulang na kumilos ng walang pag-aninaw; at b) Ituloy sa diversion program kung ang bata ay higit sa labinlimang (15) taong gulang pataas pero wala pang labing-walong (18) taong gulang at kumilos nang may pag-aninaw.

<p>Various international laws provide for minimum standards by which CICL should be treated in order to ensure that the right of every child, without any discrimination, to receive protection from the State is recognized. However, international minimum standards for most aspects of children’s justice only exist as a guide for all States as the specific legal national regulation is still left to the ratifying States (<i>International Covenant on Civil and Political Rights, Article 24</i>).</p> <p>Further, the Convention on the Rights of the Child explains who the children are, all their rights, and the responsibilities of governments. Thus, State parties to the Convention promise to protect children's rights and to take actions wherein the primary consideration is the best interests of the child (<i>Convention on the Rights of the Child, Article 3</i>).</p>	<p>Iba't ibang international laws ang nagbibigay ng pamantayan kung paano dapat tratuhin ang CICL upang matiyak na ang karapatan ng bawat bata, nang walang anumang diskriminasyon, na makatanggap ng proteksyon mula sa State ay kinikilala. Gayunpaman, ang mga pamantayang ito ay isang gabay lamang para sa lahat ng mga <i>ratifying States</i> dahil may tungkulin pa rin itong gumawa ng batas para sa kapakanan ng CICL (<i>International Covenant on Civil and Political Rights, Article 24</i>).</p> <p>Ipinaliwanag rin ng <i>Convention on the Rights of the Child</i> kung sino ang mga bata, lahat ng kanilang mga karapatan, at mga responsibilidad ng mga gobyerno. Kaya ang mga <i>ratifying States</i> ay nangangakong protektahan ang mga karapatan ng mga bata at magsasagawa ng mga aksyon kung saan ang pangunahing isinasaalang-alang ay ang pinakamainam sa interes ng bata (<i>Convention on the Rights of the Child, Article 3</i>).</p>
<p>3. How is the intervention program conducted for children with the age of fifteen (15) years old and below?</p>	<p>3. Paano isinasagawa ang intervention program para sa mga batang may edad na labinlimang (15) taong gulang at pababa?</p>
<p>If it has been determined that the child who will be taken into custody is fifteen (15) years old or below, the authority which will have an initial contact with the child, in consultation with the local social welfare and development officer, has the duty to immediately release the child to the custody of his/her parents or guardian, of the absence thereof, the child’s nearest relative.</p> <p>The child shall be subjected to a community-based intervention program supervised by the LSWDO, unless</p>	<p>Kung natukoy na ang bata na dadalhin sa kustodiya ay may labinlimang (15) taong gulang o pababa, ang awtoridad na mayroong unang contact sa bata ay may tungkulin na agad na palayain ang bata sa pangangalaga ng kanyang mga magulang o tagapag-alaga, kung walang ang magulang o tagapag-alaga, sa pinakamalapit na kamag-anak ng bata.</p> <p>Ang bata ay sasailalim sa isang intervention program na nakabatay sa komunidad na pinangangasiwaan ng</p>

<p>the best interest of the child requires the referral of the child to a youth care facility or 'Bahay Pag-asa' managed by LGUs or licensed and/or accredited NGOs monitored by the DSWD.</p> <p>If the child has been found by the LSWDO to be dependent, abandoned, neglected, or abused by his/her parents and the best interest of the child requires he/she be placed in a youth care facility or "Bahay Pag-asa," the child's parents or guardians shall execute a written authorization for the voluntary commitment of the child.</p> <p>The minimum age for children committed to a youth care facility or 'Bahay Pag-asa' shall be twelve (12) years old (<i>R.A. 9344, as amended, Sec. 20</i>).</p>	<p>LSWDO, maliban kung ang pinakamainam sa interes ng bata ay kailangang i-refer siya sa isang pasilidad na nangangalaga sa kabataan o 'Bahay Pag-asa'.</p> <p>Kung ang bata ay natagpuan ng LSWDO na umaasa, inabandona, napabayaang, o inabuso ng kanyang mga magulang at ang pinakamainam sa interes ng bata ay kailangan siyang ilagay sa isang pasilidad na nangangalaga sa kabataan o "Bahay Pag-asa," ang mga magulang o tagapag-alaga ng bata ay dapat gumawa ng nakasulat na awtorisasyon para sa voluntary commitment ng bata.</p> <p>Ang pinakamababang edad para sa mga batang nilalagay sa isang pasilidad na pinangangalagaan ang kabataan o 'Bahay Pag-asa' ay dapat na labindalawang (12) taong gulang (<i>R.A. 9344, as amended, Sec. 20</i>).</p>
<p>4. When can a Petition for Involuntary Commitment be filed?</p>	<p>4. Kailan maaaring i-file ang Petisyon para sa Involuntary Commitment?</p>
<p>If the child is fifteen (15) years old and below has no parents or guardians or if they refuse or fail to execute the written authorization for voluntary commitment, the proper petition for involuntary commitment shall be immediately filed by the DSWD or the LSWDO (<i>R.A. 9344, as amended, Sec. 20</i>).</p>	<p>Kung ang bata ay labinlimang (15) taong gulang at pababa na walang mga magulang o tagapag-alaga, o kung ayaw ng mga magulang o tagapag-alaga na gumawa ng nakasulat na awtorisasyon para sa voluntary commitment ng bata, ang petisyon para sa involuntary commitment ay dapat kaagad i-file ng DSWD o LSWDO (<i>R.A. 9344, as amended, Sec. 20</i>).</p>
<p>5. How is the Diversion Program conducted for children above fifteen (15) years old but below eighteen (18) years old who acted with discernment?</p>	<p>5. Paano isinasagawa ang Diversion Program para sa mga bata na higit sa labinlimang (15) taong gulang pero wala pang labing-walong (18) taong gulang na kumilos ng may pag-aninaw?</p>
<p>A. Where the imposable penalty is not more than six (6) years imprisonment, the law enforcement officer or Punong Barangay, with the assistance of</p>	<p>A. Kung ang parusa sa krimen ay hindi hihigit sa anim (6) na taong pagkabilanggo, ang law enforcement officer o Punong Barangay, kasama</p>

<p>the LSWDO, shall conduct mediation, family conferencing and conciliation and, where appropriate, adopt modes of conflict resolution in accordance with the best interest of the child. The child and the family shall be present in these activities.</p> <p>B. In victimless crimes where the imposable penalty is not more than six (6) years imprisonment, the LSWDO shall meet with the child and and his/her parents or guardians for the development of the appropriate diversion and rehabilitation program;</p> <p>C. Where the imposable penalty for the crime committed exceeds six (6) years imprisonment, diversion measures may be resorted to only by the court <i>(R.A. 9344, as amended, Sec. 23)</i>.</p>	<p>ng LSWDO, ay magsasagawa ng mediation, pagpupulong ng pamilya at conciliation, at kung kailangan, ay gumamit ng mga uri ng conflict resolution alinsunod sa pinakamainam sa interes ng bata. Ang bata at ang kanyang pamilya ay dapat kasama sa mga ganitong aktibidad.</p> <p>B. Sa mga krimeng kung saan walang biktima at ang parusa ay hindi hihigit sa anim (6) na taong pagkabilanggo, ang LSWDO ay magsasagawa ng miting kasama ang bata at ang kanyang mga magulang o tagapag-alaga para sa pag-unlad ng mga angkop na programang diversion at rehabilitasyon;</p> <p>C. Kung ang parusa ay higit sa anim (6) na taong pagkakakulong, ang Korte lamang ang maaring magpasya kung gagamit ng mga pamamaraang diversion. <i>(R.A. 9344, as amended, Sec. 23)</i>.</p>
<p>6. What are the duties of the law enforcers when there is no diversion?</p>	<p>6. Ano ang mga tungkulin ng mga law enforcers kung hindi kailangan ipasailalim ang batang nahuli sa <i>diversion</i>?</p>
<p>Where the imposable penalty for the crime committed exceeds six (6) years imprisonment, or if the child, his/her parents or guardians does not agree to diversion, the Women and Children Protection Desk of the PNP or other law enforcement officer handling the case shall, within eight (8) days from determination of absence of jurisdiction over the case of termination of diversion proceedings, forward the records of the case to the prosecutor or judge for the conduct of inquest and preliminary investigation to determine whether or not the child should remain under custody and correspondingly charged in court <i>(R.A. 9344, Sec. 28)</i>.</p>	<p>Kung ang parusa sa krimen ay higit sa anim (6) taong pagkabilanggo, o ang bata, kanyang mga magulang o mga tagapag-alaga ay hindi pumayag sa diversion program, ang Women and Children Protection Desk ng PNP o iba pang law enforcement officer na humahawak sa kaso ay dapat, sa loob ng walong (8) araw mula sa pagtukoy ng kawalan ng jurisdiction sa kaso ng diversion proceedings, ipasa ang mga records ng kaso sa piskal o hukuman para sa pagsasagawa ng inquest o preliminary investigation upang matukoy kung ang bata ay dapat manatiling nakakulong at sampahan ng kaso <i>(R.A. 9344, Sec. 28)</i>.</p>

<p>In any case, contacts between the law enforcement agencies and a juvenile offender shall be managed in such a way as to respect the legal status of the juvenile, promote the well-being of the juvenile and avoid harm to her or him, with due regard to the circumstances of the case (<i>United Nations Standard Minimum Rules for the Administration of Juvenile Justice, Paragraph 10.3</i>).</p>	<p>Sa anumang kaso, ang mga contact sa pagitan ng mga ahensya ng nagpapatupad ng batas at ang batang nagkasala ay dapat mapamahalaan sa paraang iginagalang ang legal na katayuan ng bata, itinataguyod ang kapakanan ng bata at iniwasan na siya ay mapinsala, na may sapat na pagsasaalang-alang sa mga sitwasyon ng kaso (<i>United Nations Standard Minimum Rules for the Administration of Juvenile Justice, Paragraph 10.3</i>).</p>
<p>7. How is preliminary investigation and filing of information conducted?</p>	<p>7. Paano isinasagawa ang preliminary investigation at ang pagsampa ng kaso sa bata?</p>
<p>The prosecution shall conduct a preliminary investigation in the following instances:</p> <ul style="list-style-type: none"> a) When the child in conflict of the law does not qualify for diversion; b) When the child, his/her parents or guardian does not agree to diversion; and c) When considering the assessment and recommendations of the LSWDO, the prosecutor determines that diversion is not appropriate for the child in conflict with the law. <p>Upon serving the subpoena and the affidavit of complaint, the prosecutor shall notify the Public Attorney's Office of such service, as well as the personal information, and place of detention of the child in conflict with the law.</p> <p>Upon determination of the probable cause by the prosecutor, the information against the child shall be filed before the Family Court within forty-five (45) days from the start of the preliminary investigation. The information must allege that the child had acted with discernment (<i>R.A. 9344, as amended, Sec. 33</i>).</p>	<p>Ang piskal ay gagawa ng preliminary investigation kung:</p> <ul style="list-style-type: none"> a) Ang CICL ay hindi kwalipikado para sa diversion program; b) Ang bata, ang kanyang mga magulang, o tagapag-alaga ay hindi pumayag na sumailalim sa diversion program ang bata; at c) Matapos isaalang-alang ang pagsusuri at mga rekomendasyon ng LSWDO, ang piskal ay nagpasya na hindi angkop ang diversion program para sa CICL. <p>Pagkatapos ihatid ang subpoena at affidavit ng reklamo, aabisuhan ng piskal ang Public Attorney's Office tungkol sa naturang serbisyo, pati na rin ang personal na impormasyon, at lugar kung saan nahuli ang CICL.</p> <p>Pagkatapos matukoy ng piskal na mayroong probable cause, ang reklamo laban sa bata ay isusumite sa Family Court sa loob ng apatnapung-limang (45) araw mula sa simula ng preliminary investigation. Dapat nakalagay sa reklamo na ang bata ay kumilos ng may pag-aninaw (<i>R.A. 9344, as amended, Sec. 33</i>)</p>

<p>8. When can there be an Automatic Suspension of sentence under R.A. 9344?</p>	<p>8. Kailan pwede magkaroon ng awtomatikong suspensyon ng pagkakakulong ng bata ayon sa R.A. 9344?</p>
<p>Once the child who is under eighteen (18) years old at the time of the commission of the offense is found guilty of the offense charged, the court shall determine and ascertain any civil liability which may have resulted from the offense committed.</p> <p>However, instead of pronouncing the judgment of conviction, the court shall put the child in conflict with the law under suspended sentence, without need of application: Provided, however, that suspension of the sentence shall be applied even if the juvenile is already eighteen (18) years of age or more at the time of pronouncement of his/her guilt (R.A. 9344, Sec. 38).</p>	<p>Kapag ang batang na wala pang labing-walong (18) taong gulang noong siya ay gumawa ng krimen ay hinatulan na nagkasala sa nasabing krimen, ang korte ay magpapasya at titiyak sa anumang pananagutang sibil na maaaring magresulta mula sa nagawang krimen.</p> <p>Gayunpaman, sa halip na parusahan ng pagkakakulong ang bata, kusang iutos ng korte na isuspende ang pagkakakulong ng CICL. Sususpendehin ng korte ang pagkakakulong kahit na umabot na ng labing-walong (18) taong gulang ang bata sa oras ng kanyang pagkakahatol (R.A. 9344, Sec. 38).</p>
<p>9. Can automatic suspension of sentence apply to a child in conflict with the law found guilty of a heinous crime?</p>	<p>9. Maaari ba ang awtomatikong suspensyon ng pagkakakulong ng CICL kung siya ay nagkasala ng karumaldumal na krimen?</p>
<p>Yes. The benefits of suspended sentence shall apply to one who is convicted of an offense punishable by reclusion perpetua or life imprisonment. Since the law does not distinguish between a minor who has been convicted of a capital offense and another who has been convicted of a lesser offense, the Court should also not distinguish and should apply the automatic suspension of sentence to a child in conflict with the law who has been found guilty of a heinous crime (<i>People v. Sarcia, G.R. No. 169641, September 10, 2009</i>).</p>	<p>Oo. Ang magandang epekto ng pag-suspende ng pagkakakulong ay nararapat sa isang hinatulan ng pagkakasala na may kaparusahang <i>reclusion perpetua</i> o habambuhay na pagkabilanggo. Dahil ang batas ay hindi binubukod ang isang menor de edad na hinatulan ng parusang kamatayan at sa isa pa na hinatulan ng isang mas mababang pagkakasala, ang Korte ay dapat hindi rin ibukod at dapat ibigay ang awtomatikong suspensyon ng sentensya sa CICL na napatunayang nagkasala ng isang karumal-dumal na krimen (<i>People v. Sarcia, G.R. No. 169641, Setyembre 10, 2009</i>).</p> <p>Ang awtomatikong suspensyon ng sentensya gayunpaman ay hindi dapat maibigay sa mga taong</p>

<p>Automatic suspension of sentence however should not apply to those who have enjoyed such benefit before (R.A. 9344, Sec. 38).</p>	<p>nakinabang na sa naturang suspensyon noon (R.A. 9344, Sec. 38).</p>
<p>10. Until when can the suspension of sentence last?</p>	<p>10. Hanggang kailan epektibo ang suspensyon ng pagkakakulong?</p>
<p>The suspension of sentence lasts only until the child in conflict with the law reaches the maximum age of twenty-one (21) years old (R.A. 9344, Sec. 40).</p>	<p>Ang suspensyon ng pagkakakulong ng CICL ay matitigil kapag siya ay tumungtong na sa edad na labing-isang (21) taong gulang (R.A. 9344, Sec. 40).</p>
<p>11. What are the remedies of a child detained pending trial?</p>	<p>11. Ano ang mga remedyo ng isang batang nakakulong habang nakabinbin ang paglilitis ng kanyang kaso?</p>
<p>While his/her case is pending with the court, a child who is detained may do the following:</p> <ul style="list-style-type: none"> a) Post bail or ask that the court temporarily release him/her on recognizance (a promise that he/she will not escape while the case is pending); b) Undergo close supervision with the family or in an education setting <p>Detention should only be used as a measure of last resort. Detention shall also be for the shortest possible period of time.</p> <p>Whenever detention is necessary, a child will always be detained in youth detention homes established by LGUs in the city or municipality where the child resides.</p>	<p>Habang ang kanyang kaso ay nakabinbin sa korte, ang isang batang nakakulong ay maaaring gawin ang mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> a) Mag-piyansa o hilingin sa korte na pansamantalang palayain siya sa recognizance (isang pangako na hindi siya tatakas habang ang kaso ay nakabinbin); b) Sumailalim sa masinsinang pangangasiwa kasama ang pamilya o sa isang setting ng edukasyon <p>Ang detensiyon ng bata ay dapat lamang gamitin kung wala nang ibang solusyon. Ang detensiyon ay dapat din na magtagal lamang sa pinakamaikling posibleng panahon.</p> <p>Kung kinakailangan man ang detensiyon, ang bata ay maaari lamang makulong sa mga youth detention homes na itinatag ng mga LGUs sa lungsod o munisipalidad kung saan naninirahan ang bata.</p>

<p>In the absence of a youth detention home, the CICL may be committed to the care of DSWD or a local rehabilitation center recognized by the government in the province, city, or municipality within the jurisdiction of the court. The center or agency concerned shall ensure that the child appears in court whenever required (<i>R.A. 9344, Sec. 36</i>).</p>	<p>Kung walang youth detention home, ang CICL ay maaaring ipagkatiwala sa pangangalaga ng DSWD o isang lokal na rehabilitasyon center na kinikilala ng gobyerno sa lalawigan, lungsod, o munisipalidad na sakop ng korte. Titiyakin ng rehabilitasyon center o ahensya na ang bata ay haharap sa korte kapag kinakailangan (<i>R.A. 9344, Sec. 36</i>).</p>
<p>12. When can a CICL be discharged?</p>	<p>12. Kailan maaaring palayain ang CICL?</p>
<p>Upon the recommendation of the social worker who has custody of the child, the court shall dismiss the case against the child. The court shall order the final discharge of the child if it finds that the child has been rehabilitated, has shown his capability to be a useful member of the community, and has complied with the disposition measures (<i>A.M. No. 02-1-18-SC, Sec. 49</i>).</p> <p>Even if the CICL is no longer criminally liable, he/she will still be required to pay for the damages he/she caused as a result of his/her crime. The offended party may file a separate case to claim the damages (<i>R.A. 9344, Sec. 39</i>).</p>	<p>Sa rekomendasyon ng social worker na may kustodiya ng bata, idi-dismiss ng korte ang kaso laban sa bata. luutos ng korte ang pagpapalaya ng bata kung siya ay na-rehabilita na, nagpapakita na siya ay may kakayahang maging kapaki-pakinabang na miyembro ng komunidad, at sapat na ang pagsunod ng bata sa kanyang <i>disposition measures</i> (<i>A.M. No. 02-1-18-SC, Sec. 49</i>).</p> <p>Kahit na ang CICL ay hindi na mananagot sa krimen na kanyang ginawa, kinakailangan pa rin niyang magbayad para sa mga pinsalang idinulot niya bilang resulta ng kanyang krimen. Maaaring maghain ng hiwalay na kaso ang biktima para makuha ang mga danyos (<i>R.A. 9344, Sec. 39</i>).</p>
<p>13. When will the CICL be returned to Court?</p>	<p>13. Kailan ibabalik ang CICL sa Korte?</p>
<p>If the court finds that the objective of the disposition measures imposed on the child in conflict of the law have not been fulfilled, or if the CICL has willfully failed to comply with the conditions or his/her disposition or rehabilitation program, is incorrigible, has not shown his capability of being a useful member of the community, or the child's continued stay in the training institution is</p>	<p>Kapag napagdesisyunan ng korte na hindi nasunod ang mga kondisyon ng paglaya ng CICL, o sinadya ng CICL na hindi sundin ang kondisyon ng kanyang paglaya o programa ng rehabilitasyon, ay hindi nagbabago, hindi ipinakita ang kanyang kakayahang maging isang kapaki-pakinabang na miyembro ng komunidad, o ang patuloy na pananatili ng bata sa institusyon ng</p>

<p>not in the child's best interest, the child in conflict with the law shall be brought before the court for execution of judgement (A.M. No. 02-7-18-SC, Sec. 49).</p> <p>If said child in conflict with the law has reached eighteen (18) years of age while under suspended sentence, the court shall determine whether:</p> <ol style="list-style-type: none"> To discharge the child in accordance with the Act To order execution of sentence, or To extend the suspended sentence for a certain specified period or until the child reaches the maximum age of 21 years (R.A. 9344, Sec. 40). 	<p>pagsasanay ay hindi para sa pinakamainam na interes ng bata, ang CICL ay dadalhin sa korte para ipatupad ang ipinataw na parusa (A.M. No. 02-7-18-SC, Sec. 49).</p> <p>Kung ang nasabing CICL ay umabot na ng labing-walong (18) taong gulang habang suspendido ang kaniyang sentensya, magpapasya ang korte kung:</p> <ol style="list-style-type: none"> Palalayain na ang bata alinsunod sa <i>Batas</i>; Iuutos ang pagpapatupad ng sentensya ng bata; o Patatagalin ang pagsuspende ng sentensya ng bata, na maaring magtagal hanggang umabot ng labing-isang (21) taong gulang ang bata (R.A. 9344, Sec. 40).
<p>14. Can there be a credit in the service of sentence of the CICL?</p>	<p>14. Maaari bang mabawasan ang sentensya ng CICL?</p>
<p>Yes, there can be a credit in the service of sentence of the CICL. This means that the sentence of the CICL will be subtracted by the number of years he/she was detained while his/her case was pending (R.A. 9344, Sec. 41).</p>	<p>Oo, maaaring bawasan ang sentensya ng CICL sa bilang ng taon na siya ay nakakulong habang nakabinbin pa ang paglilitis ng kanyang kaso (R.A. 9344, Sec. 41).</p>
<p>15. Can Probation be an alternative to imprisonment?</p>	<p>15. Maaari bang sumailalim sa <i>Probation</i> ang bata imbis na siya ay makulong?</p>
<p>Yes. After his/her conviction, the CICL may apply for probation. The court may or may not allow probation, taking into account the best interest of the child (R.A. 9344, Sec. 42).</p> <p>Under the Probation Law, the filing of the application for probation shall be deemed a waiver of the right to appeal, or the automatic withdrawal of a pending appeal. Thus, one cannot avail probation and the right to appeal at the same time (P.D. 968, Sec. 4).</p>	<p>Oo. Kapag siya ay hinatulan na, ang CICL ay maaaring magpasa ng aplikasyon para sa probation. Maaari itong payagan ng korte, pero isasaalang-alang ng korte ang pinakamainam sa interes ng bata (R.A. 9344, Sec. 41).</p> <p>Ayon sa <i>Probation Law</i>, ang pagpasa ng aplikasyon para sa probation ay nangangahulugan na mayroong waiver sa karapatan na iapela ang kaso, o ang awtomatikong pagbawi sa inapelang kaso. Hindi maaaring gamitin</p>

	nang sabay ang probation at karapatang umapela ng kaso (<i>P.D. 968, Sec. 4</i>).
16. Can there be confinement of convicted children in agricultural camps and other training facilities?	16. Maaari bang magkaroon ng pagkakulong ng mga nahatulang bata sa mga kampong pang-agrikultura at iba pang mga pasilidad sa pagsasanay?
A child in conflict with the law may, after conviction and by order of the court, be given his or her sentence, in lieu of incarceration in a regular penal institution, in an agricultural camp, and other training facilities that may be established, maintained, administered, and controlled by the Bureau of Correction, in coordination with the Department of Social Welfare and Development (<i>R.A. 9344, Sec. 51</i>).	Pagkatapos ng hatol at sa utos ng korte, ang CICL ay maaaring mabigyan ng kanyang sentensya, kapalit ng pagkakulong sa regular na institusyong penal, sa isang kampong pang-agrikultura, at iba pang mga pasilidad sa pagsasanay na maaaring naitatag, pinapanatili, pinangangasiwaan, at kinokontrol ng Bureau of Correction, sa koordinasyon ng Department of Social Welfare and Development (<i>R.A. 9344, Sec. 51</i>).
17. Who shall pay the expenses for the care and maintenance of the CICL?	17. Sino ang magbabayad ng mga gastos para sa pangangalaga at pagpapanatili ng CICL?
Costs for care and maintenance of a CICL under institutional care must be paid by his or her parents or those responsible for his or her support.	Ang mga gastos para sa pangangalaga at pagpapanatili ng CICL na nasa ilalim ng pangangalaga ng institusyon ay dapat bayaran ng kanyang mga magulang o ng mga taong responsable sa kanyang pangangailangan.
In the event that his/her parents or those responsible to support him/her are unable to pay all of the said costs: <ul style="list-style-type: none"> a) One third (1/3) of the costs must be reimbursed by the municipality where the offense was committed; b) One third (1/3) will be paid by the province, which includes the municipality; and c) One third (1/3) should be borne by the national government. d) Chartered cities will pay two-thirds (2/3) of such cost. In the event that a chartered city is unable to pay the costs, part of the internal revenue distributions applicable to the unpaid portion 	Kung sakaling ang kanyang mga magulang o ang mga responsable sa kanyang pangangailangan ay hindi kayang bayaran ang mga nasabing gastos: <ul style="list-style-type: none"> a) Isang-katlo (1/3) ng mga gastos ay babayaran ng munisipalidad kung saan ginawa ang krimen; b) Isang-katlo (1/3) ay babayaran ng lalawigan, kung saan kabilang ang munisipalidad; at c) Isang-katlo (1/3) ay dapat pasanin ng pambansang pamahalaan. d) Ang mga chartered na lungsod ay magbabayad ng dalawang-katlo (2/3) ng nasabing gastos. Kung sakaling ang isang chartered na lungsod ay hindi ito mababayaran, bahagi ng mga kita nito sa

<p>shall be withheld and applied to such obligations; e) In the event that the child in conflict with the law is not a resident of the municipality/city where the crime was committed, the court, in its determination, may require the municipality/city in which the child in conflict resides to cover the cost (<i>R.A. 9344, Sec. 50</i>).</p>	<p>internal revenue distributions ay kukunin at ilalapat sa nasabing mga obligasyon; e) Kapag ang CICL ay hindi residente ng munisipyo/lungsod kung saan nagawa ang krimen, ang korte, sa pagpapasiya nito, ay oobligahin ang munisipalidad/lungsod kung saan naninirahan ang bata na sagutin ang gastos (<i>R.A. 9344, Sec. 50</i>).</p>
<p>18. Can the Court impose mandatory counseling or intervention for the parents of the child?</p>	<p>18. Maaari bang magpataw ang Korte ng sapilitang counseling o interbensyon para sa mga magulang ng bata?</p>
<p>Yes. Based on the recommendation of the Multi-Disciplinary Team of the IJISC, the LSWDO or the DSWD, the Court may require the parents of a child in conflict with the law to undergo counseling or any other intervention that, in the opinion of the Court, would advance the best interest and welfare of the child (<i>Rule 65 of JJWC Resolution No. 02-14</i>).</p>	<p>Oo. Batay sa rekomendasyon ng Multi-Disciplinary Team ng IJISC, LSWDO o DSWD, maaaring hilingin ng Korte ang mga magulang ng CICL na sumailalim sa counseling o iba pang interbensyon na, sa opinyon ng Korte, isinusulong ang pinakamainam sa interes at kapakanan ng bata (<i>Rule 65 of JJWC Resolution No. 02-14</i>).</p>
<p>19. Is failure of the parents to undergo mandatory counseling or intervention a ground for imprisonment?</p>	<p>19. Ang kabiguan ba ng mga magulang na sumailalim sa sapilitang counseling o interbensyon ay batayan para sa pagkabilanggo?</p>
<p>Yes. Any person who violates any provision of the Act, the <i>Rules on JJWC Res. No. 02-14</i>, or any rule or regulation promulgated in accordance with the Act, upon conviction for each act or omission, shall be punished by a fine, of not less than Twenty Thousand Pesos (P20,000.00) but not more than Fifty Thousand Pesos (P50,000.00), or suffer imprisonment of not less than eight (8) years but not more than ten (10) years, or both such fine and imprisonment at the discretion of the Court, unless a higher penalty is provided for in the Revised Penal Code or special laws (<i>Rule 92 of JJWC Resolution No. 02-14</i>).</p>	<p>Oo. Ang sinumang taong lumabag sa anumang probisyon ng <i>Batas</i>, mga <i>Panuntunang ng JJWC Res. No. 02-14</i>, o anumang tuntunin o regulasyon na ipinahayag alinsunod sa <i>Batas</i>, kapag nahatulan para sa bawat kilos o pagkukulang, ay paparusan ng multa, na hindi bababa sa Dalawampung Libong Piso (P20,000.00) ngunit hindi hihigit sa Limampung Libong Piso (P50,000.00), o magdusa ng pagkabilanggo na hindi bababa sa walong (8) taon ngunit hindi hihigit sa sampung (10) taon, o parehong multa at pagkabilanggo sa pagpapasya ng Korte, maliban kung may mas mataas</p>

	na parusa na nakasaad sa Revised Penal Code o mga espesyal na batas (<i>Rule 92 of JJWC Resolution No. 02-14</i>).
20. Who shall be liable for civil liability?	20. Sino ang mananagot para sa sibil na liabilidad?
